Republic of the Philippines
Province of Oriental Mindoro
MUNICIPALITY OF BULALACAO

# OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN

*Municipal Building, Poblacion, Bulalacao, 5214, Oriental Mindoro*
*sbobulalacaoormin@gmail.com/09988546853*

HALAW SA KATITIKAN NG REGULAR NA PAGPUPULONG NG IKA-LABING-ISANG SANGGUNIANG BAYAN NG BULALACAO, ORIENTAL MINDORO NA GINANAP NOONG IKA-10 NG OKTUBRE, 2022 SA SANGGUNIANG BAYAN SESSION HALL

**MGA DUMALO:**

| | |
|---|---|
| Kgg. Ramon G. Magbanua | Regular na Tagapangulo |
| Kgg. Ederlino C. Aceron | Sangguniang Bayan Member |
| Kgg. Edezer F. Aceron | Sangguniang Bayan Member |
| Kgg. Jess V. Sapungan | Sangguniang Bayan Member |
| Kgg. Felix John C. Templanza | Sangguniang Bayan Member |
| Kgg. Kieven E. Cantos | Sangguniang Bayan Member |
| Kgg. Elpidio N. Contreras, Jr. | Sangguniang Bayan Member |
| Kgg. Guillermo G. Salas, Jr. | Sangguniang Bayan Member |
| Kgg. Joejie R. Narciso | Sangguniang Bayan Member |
| Kgg. Kim Jonh Elco E. Cantos | SK Federation President |

**HINDI NAKADALO:**

| | |
|---|---|
| Kgg. Enrico C. Villas | Pangulo, Liga ng mga Barangay |

x- - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - x

## KAPASYAHAN BLG. 22-10-547

**PAGPAPAHAYAG NG TAUS-PUSONG PAKIKIRAMAY AT PAKIKIDALAMHATI NG PAMAHALAANG BAYAN NG BULALACAO, ORIENTAL MINDORO SA MGA NAULILA NI GINOONG ERNESTO T. VILLAS, SR., BUTIHING AMA NG PUNONG BAYAN, KGG. ERNILO C. VILLAS**

May-Panukala at Isponsor:
**Sangguniang Bayan Member GUILLERMO G. SALAS, JR.**
Chairperson, Committee on Good Government, Public Ethics and Accountability

**"SAPAGKAT,** isang malungkot na araw ng Oktubre 9, 2022 ang nagtakdang huling sandali ni Ginoong Ernesto T. Villas, Sr. nang siya ay pumanaw na nagdulot ng labis na kadalamhatian sa kanyang pamilya at mga mahal sa buhay;

**"SAPAGKAT,** si Lolo Erning, kung siya ay kilalang tawagin ng karamihan ay naging mabuting ama sa kanyang anim anak at mapagmahal na asawa para sa kanyang maybahay, ang kanyang kabutihan at pagmamahal ay patuloy niyang pinagyabong na ipadama ng mahabang panahon sa kanyang mga apo, at ito ay mananatili na lamang bilang isang magandang alaala nang siya ay tuluyan ng bawian ng buhay sa edad na 96 taong gulang;

**"SAPAGKAT,** sa mahabang panahon si Lolo Erning ay naglingkod bilang examiner sa Kawanihan ng Rentas Internas (BIR) sa Gumaca, Quezon Province at bago siya magretiro ay nagsilbi siya dito bilang Officer-in-Charge ng buong departamento, at ang kanyang husay at galing ang siyang nagbigay ng malaking impluwesya at nagsilbing inspirasyon sa kanyang mga anak na maglingkod ng marangal sa pamahalaan at magbahagi ng kabutihan sa kapwa;

CamScanner

**"SAPAGKAT,** siya ang butihing ama ng dalawa sa kasalukuyang namumuno sa Bayan ng Bulalacao, ito ay ang Pangulo ng Liga ng mga Barangay na si Kgg. Enrico C. Villas at ang pinakamamahal at mahusay na Punong Bayan na si Kgg. Ernilo C. Villas; at lahat ng tagumpay na ito at mga narating sa buhay nilang magkakapatid kasama ng kanilang mga anak ay naging masidhing kaligayahan ni Lolo Erning;

**"SAPAGKAT,** ang buong Pamahalaang Bayan ng Bulalacao ay taus-pusong nakikiramay sa mga naulila at taimtim na nananalangin sa Panginoong Diyos na Makapangyarihan sa lahat na pagkalooban ng buhay na walang hanggan ang kaluluwa ng yumao na si Ginoong Ernesto T. Villas, Sr. sa kanyang mapagpalang kaharian; Kung kaya't dahil dito...

**PINAGPASYAHAN GAYA NG GINAWANG PAGPAPASYA; NA:** Pagpahayag ng taus-pusong pakikiramay at pakikidalamhati ng Pamahalaang Bayan ng Bulalacao sa mga naulila ni Ginoong Ernesto T. Villas, Sr., butihing ama ng Punong Bayan, Kgg. Ernilo C. Villas,

**SA MUNGKAHI** ni Konsehal Guillermo G. Salas, Jr. na pinangalawahan ng lahat ng dumalo ang kapasyahang ito ay...

**PINAGTIBAY"**: Oktubre 10, 2022, Bulalacao, Oriental Mindoro.

x----------------------------------------------------------------x

**KGG. EDERLINO C. ACERON**
Sangguniang Bayan Member

**KGG. EDEZER F. ACERON**
Sangguniang Bayan Member

**KGG. JESS V. SAPUNGAN**
Sangguniang Bayan Member

**KGG. FELIX JOHN C. TEMPLANZA**
Sangguniang Bayan Member

**KGG. KIEVEN E. CANTOS**
Sangguniang Bayan Member

**KGG. ELPIDIO N. CONTRERAS, JR.**
Sangguniang Bayan Member

**KGG. GUILLERMO G. SALAS, JR.**
Sangguniang Bayan Member

**KGG. JOJIE R. NARCISO**
Sangguniang Bayan Member

**KGG. KIM JONH ELCO E. CANTOS**
SK Federation President

**NAGPAPATUNAY SA KATOTOHANAN AT KAWASTUHAN:**

**PERLITA L. PAZ**
Kalihim ng Sanggunian

**SINAKSIHAN:**

**KGG. RAMON G. MAGBANUA**
Pangalawang Punong Bayan/
Tagapamanihala ng Pulong

121022/PLP/admm

CamScanner